

LDK SENIOR APARTMENTS

TARGET NA POPULASYON: MGA SENIOR NA MABABANG-KITA, 62 TAONG GULANG O MAS MATANDA

Lugar ng Proyekto:

540 S. Kingsley Dr.
Los Angeles, CA 90020

900 Crenshaw Blvd.
Los Angeles, CA 90019



Naghahanap ng mga nararapat na aplikante na maaring mangupahan sa LDK Senior Apartments.

Mayroong mga apartment na studio (400-452 sq.ft.) at one-bedroom (pang-isahang kuwarto) (561-627 sq.ft.)

Ang buwanang upa ay humigit-kumulang na \$412-\$704.

Inaasahang Petsa ng Pagbubukas: Abril 1, 2016

Pamantayan ng mga nararapat para sa lahat ng mga yunit:

- Ang taunang kinikita ng isang sambahayan ay hindi hihigit sa pinakamababang 50% ng pangkaraniwang taunang suweldo ng isang pamilya (base sa laki) sa lokalidad o distrito.
- Ang ulo ng pamilya o sambahayan ay hindi kukulang sa 62 taong gulang.
- Hindi hihigit sa 3 tao sa one-bedroom o 2 tao sa studio (at iba pang mga limitasyon)

PAANO MAG-APPLY:

1. Kung sa oras na lilipat at manirahan sa pabahay ay matutugunan ng nagnanais na mangupahan ang mga kuwalipikasyon na nakalista sa taas, maari niyang kumpletuhin ang paunang aplikasyon. Mula Nobyembre 7 hanggang Nobyembre 23, 2015, ang paunang aplikasyon ay makukuha at maaring i-download sa sumusunod na mga website: www.ltsc.org, www.krcla.org/LDK at www.housing.lacounty.gov.

Maaari rin na kunin sa personal ang paunang aplikasyon sa Korean Central United Methodist Church sa 420 E 20th St, Los Angeles, CA 90011 sa Koreatown sa Nobyembre 7, 2015 mula 8 am - 3 pm. Mangyaring huwag dumating bago mag-8 am.

Isang aplikasyon lamang para sa bawat sambahayan o pamilya. Maididiskuwalipika ang lahat ng mga sambahayan na may marami o duplikadong aplikasyon.

2. Ang mga paunang aplikasyon ay tatanggapin lamang kung pinadala sa mail o koreo at minarkahan ng tatak-selyo nang hindi lalampas sa Nobyembre 23, 2015. Ang mga aplikante ay pipiliin sa pamamagitan ng bunutan upang maka-kumpleto ng aplikasyong ganap (final application). Ang proseso ay hindi "first come, first served." Ang mga aplikante ay pagbibigyang-alam sa unang bahagi ng Enero kung napili na kumumpleto ng buo at ganap na aplikasyon. Ang abiso para sagutan ang ganap na aplikasyon ay paanyaya lamang at hindi pangako ng pabahay.

Para sa karagdagang balita, tawagan ang hotline sa 323-774-1922 o kung may kapansanan tulad ng pagkabingi, tawagan ang California Relay Services sa 711.



900 Crenshaw Blvd.



540 S. Kingsley Drive